


Project EASE

(Effective Alternative Secondary Education)

ARALING PANLIPUNAN III



MODYUL 4

ANG PAGSIBOL NG SIBILISASYONG GRIYEGO



BUREAU OF SECONDARY EDUCATION
Department of Education
DepEd Complex, Meralco Avenue
Pasig City







MODYUL 4 ANG PAGSIBOL NG SIBILISASYONG GRIYEGO



Bagamat marami at natatangi ang mga sumilang na sibilisasyon sa Silangan, ang kauna-unahang sibilisasyon sa kanluran ay pinangunahan ng mga Griyego. Sila ang naging tagapaghubog ng sibilisayong kanluranin. Mula sa kanila naipakilala ang ideya ng demokrasya sa daigdig. Ang naibahagi nila sa iba't ibang larangan ng pamumuhay ay nagbigay daan sa paglago at pag-unlad ng sibilisayong kanluranin. Sa araling ito, matutunghayan mo at mauunawaan ang pagsibol ng sibilisayong Griyego at ang mga kontribusyon nito sa sibilisayong kanluranin.



May apat na araling inihanda para sa iyo sa modyul na ito:

-  Aralin 1: Ang Sinaunang Sibilisasyong Aegean
-  Aralin 2: Ang Pag-usbong ng Sibilisasyong Heleniko
-  Aralin 3: Panahon ng mga Digmaan at Pagpapalawak ng Nasasakupan
-  Aralin 4: Ang Pamumulaklak ng Sibilisasyong Helenistiko



Pagkatapos mong mapag-aralan ang modyul, inaasahang magagawa mo ang mga sumusunod:

1. Mailalarawan ang heograpiya ng Gresya;
2. Maipaliliwanag kung paano nakaapekto ang heograpiya ng Gresya sa pagsibol ng sibilisayong Aegean;
3. Maibibigay ang pagkakaiba ng pamumuhay sa Athens at Sparta;
4. Matutukoy ang dahilan ng pag-usbong ng sibilisayong Heleniko;
5. Masusuri ang naging dahilan ng mga digmaang naganap sa Gresya;
6. Makikilala ang mga taong nakatulong sa pamumulaklak ng sibilisayong Helenistiko; at
7. Maiisa-isa ang mga kontribusyon ng Gresya sa iba't ibang larangan ng ating pamumuhay.



PANIMULANG PAGSUSULIT:

I. Panuto: Isulat ang titik ng tamang sagot.

1. Ito ang naging sentro ng kulturang Helenistiko sa Ehipto.
 - A. Alexandria
 - B. Cairo
 - C. Damanhur
 - D. Nile Valley

2. Isa ito sa pinakamagandang arkitekturang nagawa sa Gresya at kilala rin bilang Templo ni Athena.
 - A. Acropolis
 - B. Colosseum
 - C. Olympic Stadium
 - D. Parthenon

3. Kinilala siya bilang “Ama ng Kasaysayan.”
 - A. Herodotus
 - B. Pericles
 - C. Sophocles
 - D. Thucydides

4. Pinagsanib na kultura ng Gresya at Asya na naging bunga ng pananakop ni Alexander the Great.
 - A. Macedonia
 - B. Heleniko
 - C. Helenistiko
 - D. Persiano

5. Dito isinilang si Alexander the Great.
 - A. Athens
 - B. Macedonia
 - C. Persia
 - D. Sparta

6. Ito ang digmaan sa pagitan ng Athens at Sparta na tumagal nang mahigit na 27 taon, at nagbunga ng malaking pagkawasak sa mga lungsod-estado ng Gresya.
- A. Digmaang Peloponnesian
 - B. Digmaang Persians
 - C. Digmaang Punic
 - D. Digmaang Trojan
7. Ang lungsod-estadong ito ang may pinakamalaking populasyon at siyang naging sentro ng demokrasya.
- A. Athens
 - B. Crete
 - C. Sparta
 - D. Thebes
8. Siya ay isang mamamayang Athenian na naatasang gumawa ng kauna-unahang batas na kasulatan para sa Athens.
- A. Draco
 - B. Minos
 - C. Pisistrus
 - D. Minos
9. Ito ang tawag sa mga lungsod-estado ng Gresya.
- A. Acropolis
 - B. Metropolis
 - C. Polis
 - D. Stoa
10. Sinaunang sibilisasyon sa Isla ng Crete na ipinangalan sa dakilang hari nila na si Minos.
- A. Aegean
 - B. Ionian
 - C. Minoan
 - D. Mycenaean

11. Ito ang tawag ng mga Griyego sa kanilang bansa.
- A. Aegean
 - B. Hellas
 - C. Metropolitan
 - D. Polis
12. Ang tawag sa Sibilisasyong Griyego ay
- A. Doric.
 - B. Heleniko.
 - C. Helenistiko.
 - D. Ionic.
13. Sila ang nakaimpluwensya sa mga sinaunang Griyego na gumamit ng barya o sinsilyo.
- A. Babylonians
 - B. Lydians
 - C. Phoenicians
 - D. Sumerians
14. Ito ang digmaan kung saan tinalo ng mga maliit na puwersang Athenian ang puwersa ng Persia.
- A. Digmaang Marathon
 - B. Digmaang Persian
 - C. Digmaang Thermopylae
 - D. Digmaang Salamis
15. Ito ang pamilihing bayan ng mga sinaunang Griyego.
- A. Agora
 - B. Acropolis
 - C. Polis
 - D. Stoa

16. Sa panahon ng kanyang panunungkulan naging sentro ng kulturang Griyego ang Athens.
- A. Cleisthenes
 - B. Draco
 - C. PISAstratus
 - D. Solon
17. Dito naganap ang isa sa pinakadakilang digmaan sa karagatan sa pagitan ng mga Athenian at Persians.
- A. Dardanelles
 - B. Hellespont
 - C. Salamis
 - D. Thermopylae
18. Ang alyansang itinatag sa Delos upang tigilan ang ano mang banta ng panganib sa lungsod-estado.
- A. Delian League
 - B. Dorian League
 - C. Ionic League
 - D. Peloponnesus League
19. Sa panahon niya narating ng Athens ang kanyang ginintuang panahon.
- A. Cleisthenes
 - B. Draco
 - C. Pericles
 - D. PISAstratus
20. Ang may-akda ng Iliad at Odyssey ay si
- A. Homer.
 - B. Plato.
 - C. Socrates.
 - D. Sophocles.

ARALIN 1

SINAUNANG SIBILISASYONG AEGEAN



Tulad sa ibang mga tao, malaki ang naging impluwensya ng heograpiya ng Gresya sa naging uri ng pamumuhay ng mga Griyego. Anu-ano ang mga katangiang pisikal ng Gresya na nagpaunlad sa sibilisasyong Gresya? Paano nagsimula ang iba't ibang sibilisasyong bumuo ng matatag sa sibilisasyong Griyego? Sasagutin ng araling ito ang mga katanungang iyan.



Matapos ang araling ito, inaasahan na iyong:

1. Mailalarawan ang heograpiya ng sinaunang Gresya;
2. Matatalakay ang naging pag-unlad ng sibilisasyong Aegean; at
3. Mapaghahambing and sibilisasyong Minoansat Mycenaean.



Gawain 1: Pag-isipan Mo!

Pansinin ang larawang ito galing sa isang pelikula na marahil ay napanood mo. Ganito sa simula ang pamumuhay ng mga Griyego. Magtala ka ng tatlong obserbasyon sa kanilang sinaunang sibilisasyon mula sa larawang ito:




(Troy the movie)

1. _____

2. _____

3. _____

Heograpiya ng Sinaunang Gresya



Naging sentro ng sinaunang Gresya ang mabundok na bahagi ng tangway ng Balkan sa timog at ilang mga pulo sa karagatan ng Aegean. Samantala, ang karagatan ng Mediterranean ang naging tagapag-ugnay ng Gresya sa iba pang panig ng mundo.

Sa mundo ng mga sinaunang Griyego, ang karagatan ang pinakamainam na daanan sa paglalakbay. Dahil dito karamihan sa mga pamayanan nila ay matatagpuan 60 kilometro lamang mula sa baybay-dagat.

Ang lupain ng Gresya ay mabato at bulubundukin. Ito ang pangunahing naging sagabal sa mabilis na daloy ng komunikasyon sa mga pamayanan. Naging mabagal ang paglago ng mga kaisipan at teknolohiya. Subalit ito rin ang naging dahilan upang ang bawat lungsod-estado ay magkaroon ng kani-kanilang natatanging katangian na nagpayaman sa kanilang kultura.

Ang mga mainam na daungan na nakapaligid sa Gresya ay nagbigay daan sa maunlad na kalakalang pandagat na naging dahilan ng kanilang maunlad na kabuhayan. Ito rin ang nagbigay daan upang magkaroon sila ng kaugnayan sa iba't ibang uri ng tao na nakatulong naman upang mapayaman nila ang kanilang kultura at maibahagi ang kanilang mga naging tagumpay sa iba't ibang larangan ng pamumuhay sa sandaigdigan.

Ang mga Minoans

Ayon sa mga arkeologo, ang kauna-unahang sibilisasyong Aegean ay nagsimula sa **Crete** mga 3100 BC o bago isilang si Kristo. Tinawag itong **Sibilisasyong Minoan** batay sa pangalan ni **Haring Minos**, ang maalamat na haring sinasabing nagtatag nito. Kilala ang mga Minoan bilang mahuhusay gumamit ng metal at iba pang teknolohiya. Nakatira sila sa mga bahay na yari sa laryo (*bricks*) at may sistema sila ng pagsulat. Magagaling din silang mandaragat.


Di nagtagal, kinilala ang **Knossos** bilang isang makapangyarihang lungsod at sinakop nito ang kabuuan ng Crete. Dito matatagpuan ang isang napakatayog na palasyo na nakatayo sa dalawang ektarya ng lupa at napapaligiran ng mga bahay na bato. Ang palasyo ay nasira ng sunud-sunod na sunog at iba pang mga natural na kalamidad.

Paglipas ng ilan pang taon na tinatayang mula 1600 hanggang 1100 BC, narating ng Crete ang kanyang tugatog. Umunlad nang husto ang kabuhayan dito dulot na rin ng pakikipagkalakalan ng mga Minoan sa Gitnang Silangan at sa paligid ng Aegean. Dumarami ang mga bayan at lungsod at ang Knossos ang naging pinakamalaki.

Sa pamayanang Minoan ay may apat na pangkat ng tao: ang mga maharlika, mga mangangalakal, mga magsasaka, at ang mga alipin. Sila ay masayahing mga tao at mahilig sa mga magagandang bagay at kagamitan. Maging sa palakasan ay di nagpahuli ang mga Minoans. Sila na siguro ang unang nakagawa ng arena sa buong daigdig kung saan nagsasagawa ng mga labanan sa boksing.

Ang sibilisasyong Minoans ay tumagal hanggang mga 1400 BC. Nagwakas ito nang salakayin ang Knossos ng mga di nakikilalang mga mananalakay na sumira nagwasak ng buong pamayanan. Tulad ng inaasahan ang iba pang mga lungsod ng mga Minoan ay bumagsak at isa-isang nawala.

Mga 1100 BC, ibang pangkat na naman ng mga mananalakay ang lumusob sa Crete. Sila ay kinilala bilang mga **Mycenaean** na nagmula sa Gitnang Gresya. Sa pamamagitan nila, nagkaroon ng tuwinang ugnayan ang Crete sa sibilisasyong umusbong sa Gresya.



Prinsipe ng Minoans

Ang mga Mycenaean

Bago pa man salakayin at sakupin ng mga Mycenaean ang Crete, nasimulan na nilang paunlarin ang ilang pangunahing sibilisasyon sa Timog Gresya.

Ang **Mycenaea** na matatagpuan 16 kilometro ang layo sa aplaya ng karagatang Aegean ang naging sentro ng sibilisasyong Mycenaean. Ang mga lungsod dito ay pinag-ugnay ng maayos na daanan at mga tulay. Napapaligiran ng makapal na pader ang lungsod upang magsilbing pananggalang sa mga maaring lumusob dito.

Pagdating ng 1400 BC, isa nang napakalakas na mandaragat ang mga Mycenaean at ito ay nalubos ng masakop at magupo nila ang Crete. Naiugnay nila ang Crete sa lumalagong sibilisasyon sa Gresya. Maraming mga salitang Minoan ang naidagdag sa wikang Griyego. Ang sining ng mga Griyego ay naimpluwensyahan ng mga istilong Minoan. Ilan sa mga alamat ng Minoan ay naisama sa mga kwento at alamat ng mga Griyego.

Bagamat walang naiwang mga nakasulat na kasaysayan, ang pagsasalin-salin ng mga kwento ng mga hari at bayaning Mycenaean ay lumaganap. Di naglaon ang mga kwentong ito ay nag-ugnay sa mga tao at sa mga diyos-diyosan. Ito ang sinasabing naging batayan ng mitolohiyang Griyego.


Sa bandang huli, di nailigtas ng mga pader na kanilang ginawa ang mga Mycenaean sa paglusob ng mga mananalakay. Noong 1100 BC isang pangkat ng tao mula sa hilaga ang pumasok sa Gresya at iginupo ang mga Mycenaean. Sila ay kinilalang mga **Dorian**. Samantala, isang pangkat naman ng tao na mayroon din kaugnayan sa mga Mycenaean ang tumungo sa timog nga Gresya sa may lupain sa Asya Manor sa may hangganan ng karagatang Aegean. Nagtatag sila ng kanilang pamayanan at tinawag itong Ionia. Nakilala sila bilang mga Ionian.

Ang mga pangyayaring ito ay tinaguriang **dark age** o madilim na panahon na tumagal din nang halos 300 taon. Naging palasak ang digmaan ng mga iba't ibang kaharian. Nahinto ang kalakalan, pagsasaka, at iba pang gawaing pangkabuhayan. Maging ang paglago ng sining at pagsulat nang unti-unti ay naudlot din.



Gawain 2: Pagpapalalim ng Kaalaman

Sa tulong ng Venn Diagram, paghambingin ang sibilisasyong Minoan at Mycenaean. Isulat ang katangian ng bawat isa sa tamang bilog at ang pagkakatulad sa magkasalikop na bahagi.



Tandaan Mo!

- Isang mahalagang salik ang heograpiya sa sinaunang Gresya sa uri ng sibilisasyong sumibol dito. Naging mahalagang daanan ang karagatan sa pananakop ng mga teritoryog Aegean at Mycenaean.
- Ang sibilisasyong Minoan na pinamumunuan ni Haring Minos ang pinakaunang sibilisasyong Aegean.
- Pagdating ng 1400 BC naging makapangyarihan ang mga Mycenaean sa paligid ng Aegean at yumabong na ang mga sibilisasyong Mycaenean. Subalit dahil da patuloy na digmaan sa pagitan ng mga yumayabong na iba't ibang sibilisasyon, tinawag ang panahong ito na **dark age** o madilim na panahon.



Gawain 3: Paglalapat

Patunayan na malaki ang naging bahagi ng karagatan sa pag-usbong ng sibilisasyong Aegean. Bago mo ito gawin, pag-aralan mo muna ang mapang naglalarawan sa Europa. Bilugan mo ang bahagi ng Gresya. Pagkatapos ay magbigay ka ng tatlong patunay at paliwanag sa bawat isa.



Patunay 1: _____

Patunay 2: _____

Patunay 3: _____

ARALIN 2

ANG PAG-USBONG NG SIBILISASYONG HELENIKO



Mula sa labi ng madilim na panahon, unti-unting umusbong sa Ionia ang isang bagong sibilisasyon na mabilis ding lumaganap sa kabuuan ng Gresya. Ilang pamayanan sa baybayin ng Gresya na tinatawag ang kanilang sarili na **Hellenes** o **Greeks** ang nagkaroon ng malaking bahagi sa sibilisasyong ito. Kinilala ito sa kasaysayan bilang sibilisasyong Heleniko mula sa kanilang tawag sa Gresya na **Hellas**. Ito ay tumagal mula 800 BC hanggang 400 BC at naging isa sa mga pinakadakilang sibilisasyong naganap sa kasaysayan ng daigdig. Ipauunawa sa iyo ng araling ito ang pag-unlad ng sibilisasyong ito.



Matapos ang araling ito, inaasahan na iyong:

1. Matatalakay ang pangyayaring nagbigay-daan sa pag-usbong ng sibilisasyong Heleniko; at
2. Mapaghahambing ang naging uri ng pamumuhay sa Athens at Sparta .



Gawain 1: Pag-isipan Mo!

Alam mo ba kung saan nagmula ang mga salitang ito? Subukan mong piliin ang tamang sagot mula sa kahon sa ibaba. Isulat lamang ang titik ng iyong sagot sa mga patlang.

- _____ 1. Agora
_____ 2. Acropolis
_____ 3. Metropolis

- _____ 4. Solon
_____ 5. Ostracism
_____ 6. Tyrants

- a. Mataas na lungsod
- b. Mapang-abusong pinuno ng pamahalaan
- c. Pagtatakwil sa isang tao
- d. Lungsod-estado
- e. Tagapagbatas
- f. Pamilihing bayan

Pagkatapos mong basahin ang teksto ng araling ito, ihambing mo ang iyong mga sagot sa itaas sa nilalaman ng aralin. Mapapansin mo na ang mga salitang agora, acropolis, metropolis, solon, *ostracism* at *tyrants*, ay pawing galing sa sibilisasyong Heleniko.


Ang mga Polis

Dahil sa mga digmaan bago pa ang panahong Heleniko, nagtayo ng mga kuta ang mga Griyego sa mga lugar sa may gilid ng mga burol at sa mga taluktok ng bundok upang maprotektahan ang kanilang sarili sa pagsalakay ng iba't ibang pangkat. Ang mga pook na ito ay naging pamayanan. Dito nagsimula ang mga lungsod-estado o **polis** kung saan hango ang salitang may kinalaman sa pamayanan tulad ng pulisya, pulitika at pulitiko. May malalaki at maliliit na polis. Ang pinakahuwarang bilang na dapat bumuo ng isang 5000 na kalalakihan dahil noon ay sila lamang ang nailalagay sa opisyal na talaan ng populasyon ng lungsod-estado. Karamihan sa mga polis ay may mga pamayanang matatagpuan sa matataas na lugar na tinawag na **acropolis** o mataas na lungsod. Sa panahon ng digmaan, ito ang naging takbuhan ng mga Griyego para sa kanilang proteksyon. Sa acropolis matatagpuan ang mga matatayog na palasyo at templo kung kaya't ito ang naging sentro ng pulitika at relihiyon ng mga Griyego. Samantala, ang ibabang bahagi naman ay tinawag na **agora** o pamilihing bayan. Ito ay

napapaligiran ng mga pamilihan at iba pang mga gusali na nagbigay daan sa malayang bilihan at kalakalan

Sa mga lungsod-estado, naramdaman ng mga Griyego na sila ay bahagi ng pamayanan. Ito ang dahilan kung bakit ipinagkaloob naman nila dito ang kanilang katapatan at paglilingkod. Hindi lahat ng mga nasa lungsod-estado ay mamamayan nito. Ang mga lehitimong mamamayan ay binigyang karapatang bumoto, magkaroon ng ari-arian, humawak ng posisyon sa pamahalaan, at ipagtanggol ang sarili sa mga korte. Bilang kapalit, sila ay dapat na makilahok sa pamahalaan at tumulong sa pagtatanggol sa mga polis sa panahon ng digmaan. Ang lahat ng ito, dagdag pa ang paglago ng kalakalan, ay nagbigay daan sa pag-unlad ng mga lungsod-estado. Kasabay nito ang mabilis na paglaki ng populasyon na naging pangunahing dahilan naman kung bakit nangibang lugar ang mga Griyego. Ang iba ay napadpad sa paligid ng mga karagatang Mediterranean at Iton. Bagamat napunta sila at nanirahan sa malalayong lugar, di nawala ang kanilang ugnayan sa pinagmulang lungsod-estado o **metropolis**.

Mula sa pakikipagkalakalan sa iba't ibang panig ng daigdig, natutuhan ng mga Griyego ang mga bagong ideya at teknik. Mula sa mga Phoenician ay nakuha nila ang ideya ng alpabeto na naging bahagi naman ng kanilang sariling alpabeto. Ginamit din nila ang mga teknik ng mga Phoenician sa paggawa ng mas malalaki at mabibilis na barko. Sa mga Sumerian naman ay namana nila ay ang sistema ng panukat. Mula naman at sa mga Lydians ay natutuhan nila ang paggamit ng sinsilyo at barya sa pakikipagkalakalan.



Metropolis


Sparta, ang Pamayanan ng mga Mandirigma

Ang polis o lungsod-estado ng Sparta ay itinatag ng mga Dorian sa **Peloponnesus** na nasa timog na bahagi ng tangway ng Gresya. Sa lahat ng mga lungsod-estado, ang Sparta lamang ang hindi umasa sa kalakalan. Ito ay may magandang klima, sapat na patubig at matabang lupa na angkop sa pagsasaka. Pinalawak ng mga Spartans ang kanilang lupain sa pamamagitan ng pananakop ng mga karatig na lupang sakahan at pangangangamkam nito. Ang mga magsasaka mula sa nasakop na mga lugar ay dinala nila sa Sparta upang maging mga **helot** o tagasaka sa malawak nilang lupang sakahan. Samakatwid, naging alipin ng mga Spartans ang mga **helot**. Maraming pagkakataon na nag-alsa laban sa mga Spartans ang mga helot ngunit ni isa dito ay walang nagtagumpay. Dahilan sa palagiang pag-aalsa ng mga helot, nagdesisyon ang mga Spartan na palakasin ang kanilang hukbong militar at magtatag ng isang pamayanan ng mga mandirigma upang maging laging handa sa kahit anong pag-aalsang gagawin ng mga **helot**.

Ang naging pangunahing mithiin ng lungsod-estado ng Sparta ay magkaroon ng mga kalalakihan at kababaihang walang kinatatakutan at may malalakas na pangangatawan. Ang mga bagong silang na sanggol ay sinusuri. Kapag nakitang ito'y mukhang mahina at sakitin ang isang sanggol ay dinadala ito sa paanan ng mga kabundukan at hinahayaang mamatay doon. Samantala, ang mga malulusog na sanggol ay hinahayaang lumaki at maglaro sa kani-kanilang bahay, hanggang sumapit ang ika-7 taon nila. Pagsapit ng pitong taon, ang mga batang lalaki ay dinadala na sa mga kampo-militar upang sumailalim sa mahigpit na disiplina at sanayin sa serbisyo militar. Malakas na pangangatawan, katatagan, kasanayan sa pakikipaglaban, at katapatan ang ilan sa pangunahing layunin ng pagsasanay. Tinitiiis nila ang mga sakit at hirap nang walang reklamo. Pinapayagan lamang sila na makita ang kanilang pamilya sa panahon ng bakasyon. Sa gulang na dalawampu, ang mga kabataang lalaki ay magiging sundalong mamamayan at ipinapadala na sa mga hangganan ng labanan. Sa edad na tatlumpu, sila ay inaasahang mag-aasawa na ngunit dapat na kumain at manirahan pa rin sa kampo, kung saan hahati na sila sa gastos . Sa edad na animnapu, sila ay maaari nang magretiro sa hukbo.

Sa lipunan ng mga Spartan, ang lahat ay nakikiisa upang mapigilan ang mga pag-aalsa ng mga **helot**. Maging ang mga kababaihan ay sinasanay na maging matatag. Di tulad ng mga kababaihang Griyego na limitado ang ginagampanan sa lipunan, ang mga kababaihang Spartan ay maraming tinatamang karapatan. Sila ang mga nag-aasikaso ng lupain ng kanilang mga asawa habang ang mga ito ay nasa kampo militar. Nangunguna din sila sa mga palakasan at malayang nakikipaghalubilo sa mga kaibigan ng kani-kanilang mga asawa habang masaya silang nanonood ng mga palarong tulad ng pagbubuno o *wrestling*, boksing, at karera.

Ang Sparta ang responsable sa pagkakaroon ng pinakamahusay na sandatahang lakas sa buong daigdig. Sa simula, labu-labo kung makipagdigma ang mga Griyego. Oo nga't sama-samang nagmamartsa sa lugar ng digmaan, ang mga sundalo ay isa-isang nakikipaglaban sa mga kaaway hanggang sila ay manghina at mamatay. Nang lumaon ang mga Griyego, lalo na ang mga Spartan, ay mas naging maparaan sa kanilang pakikipagdigma. Sa halip na lumusob ng isa-isa sa mga kalaban, sila ay nananatiling sama-sama sa pagkakatayo pasulong man o paurong sa labanan, hawak ang pananggalang sa kaliwang kamay at espada naman sa kanan. Ang hukbong ito na tinaguriang **phalanx** ay karaniwang binubuo ng hanggang 16 na hanay ng mga mandirigma. Kapag namatay ang mga sundalo sa unang hanay, ito ay mabilis na sinasalitan ng mga susunod pang hanay. Ang phalanx ay hindi mga bayarang mandirigma, sila ay tagapagtanggol ng kanilang polis.



Phalanx

Ang mahabang pagsasanay-militar, ang sistemang phalanx, ang hukbong sandatahan, at ang paggamit ng mga helmet ay nagbigay daan upang talunin ang mga Griyego ang mga kalabang mandirigma na halos doble nila ang bilang. At ang mga Spartan ang pinakamahusay sa kanilang lahat.

Habang patuloy na namumuhay sa pakikipagdigma, ang mga Spartan ay nakilala bilang mga simpleng tao at walang hilig sa luho. Hindi humikayat ng sining at iba pang gawaing pampagkatuto ang mga Spartan, kaya't wala pagbabagong naipakilala na nakapagdulot ng pag-unlad sa kanilang lipunan. Habang naging mabilis ang pag-unlad ng ibang lungsod-estado, ang mga Sparta ay nanatiling agrikultural na lipunan na nakadepende sa aliping manggagawa at naging tagasunod sa paniniwalang pang-militar ng kanilang lungsod-estado.


Ang Athens at ang Pag-unlad Nito

Sa simula ng 600 BC, ang Athens ay isa lamang maliit na bayan sa gitnang tangway ng Gresya na tinatawag na **Attica**. Ang buong rehiyon ay hindi angkop sa pagsasaka kaya karamihan sa mga mamamayan nito ay nagtrabaho sa mga minahan, gumawa ng mga ceramics, o naging mangangalakal o mandaragat. Hindi nanakop ng mga kolonya ang Athens. Sa halip, pinalawak nito ang kanilang teritoryo na naging dahilan upang ang iba pang nayon sa Attica ay sumali sa kanilang pamamahala.

Sa sinaunang kasaysayan, ang Athens ay pinamunuan ng mga **tyrant** na noon ay nangangahulugang mga pinunong nagsusulong ng karapatan ng karaniwang tao at maayos na pamahalaan. Bagamat karamihan sa kanila ay naging mabubuting pinuno, may mangilan-ngilan din na umabuso sa kanilang posisyon na nagbigay ng bagong kahulugan sa katawagang tyrant bilang malupit na pinuno sa ating panahon, sa kasalukuyan.

Sa simula, ang Athens ay pinamunuan ng hari na inihalal ng asembleya ng mamamayan at pinapayuhan ng mga mga konseho ng maharlika. Ang asembleya ay binubuo naman ng mayayaman na may malaking kapangyarihan. Ang mga pinuno nito ay tinawag na **Archon** na pinapaburan naman ang mga maykaya sa lipunan.

Di nagtagal, nagnais ng pagbabago ang mga artisano at mga mangangalakal. Upang mapigil ang lumalalang sitwasyon ng mga di nasisiyahang karaniwang tao, nagpagawa ang mga mayayamang tao o aristokrata ng nakasulat na batas kay **Draco** isang tagapagbatas. Malupit ang mga batas ng Griyego at hindi ito binago ni Draco ngunit kahit na paano ang kodigong ginawa niya ay nagbigay ng pagkakapantay-pantay sa lipunan at binawasan ng mga karapatan ang mga namumuno. Sa gitna ng pagbabagong ito nanatiling di kontento ang mga mamamayan ng Athens. Maraming Athenian ang nagpaalipin upang makabayad ng malaking pagkakautang. Marami rin sa kanila ang nagnais ng mas malaking bahagi sa larangan ng pulitika.




Athens

Ang sumunod na pagbabago ay naganap noong 594 BC sa pangunguna ni *Solon* na mula sa mga pangkat ng aristokrata na yumaman sa pamamagitan ng pakikipagkalakalan. Kilala din siya sa pagiging matalino at patas. Inalis niya ang mga pagkakautang ng mga mahihirap at ginawang ilegal ang pagkaalipin nang dahil sa utang. Gumawa rin siya ng sistemang legal kung saan lahat ng malayang kalalakihang ipinanganak mula sa mga magulang na Athenian ay maaring maging hurado sa mga

korte. Ang mga repormang pampulitika na ginawa ni Solon ay nagbigay ng kapangyarihan sa mga mahihirap at karaniwang tao. Nagsagawa rin siya ng mga repormang pangkabuhayan upang maisulong ang dayuhang kalakalan at mapabuti ang pamumuhay ng mga mahihirap. Nalutas ng repormang pangkabuhayan ang mga ilang pangunahing suliranin ng Athens at napaunlad ang kabuhayan nito. Sa gitna ng malawakang repormang ginawa ni Solon, di nasiyahan ang mga aristokrata. Para sa kanila, labis na pinaburan ni Solon ang mga mahihirap. Sa kasalukuyan, ginagamit ang salitang Solon bilang tawag sa mga kinatawan ng pambansang pamahalaan na umuugit ng batas.

Noong mga 546 BC, isang pulitikong nagngangalang **Pisistratus**, ang namuno sa pamahalaan ng Athens. Bagamat mayaman siya, nakuha niya ang suporta at pagtitiwala ng mga karaniwang tao. Mas radikal ang mga pagbabagong ipinatupad niya tulad ng pamamahagi ng malalaking lupang sakahan sa mga walang lupang mga magsasaka. Nagbigay siya ng pautang at nagbukas ng malawakang trabaho sa mga malalaking proyektong pampubliko. Pinagbuti niya ang sistema ng patubig sa lungsod ng Athens, at nagpatayo ng magagandang templo. Ipinakita rin niya ang kanyang interes sa sining at kultura sa pamamagitan ng pagbibigay suporta sa mga pintor at sa mga nangunguna sa drama. Ang pagsusulong niya sa sining ang nagbigay-daan upang tanghalin ang Athens na sentro ng kulturang Griyego.



Noong 510 BC, naganap muli ang pagbabago sa sistemang pulitikal ng Athens sa pamumuno ni **Cleisthenes**. Hinati niya ang Athens sa sampung distrito. Limampung kalalakihan ang magmumula sa bawat distrito at maglilingkod sa konseho ng tagapayo upang magpasimula ng batas sa **Asembleya** ang tagagawa ng mga pinaiiral na batas. Sa kauna-unahang pagkakataon, nakaboto sa asembleya ang mga mamamayan, mayari man ng lupa o wala.

Upang mapanatili ang kalayaan ng mga mamamayan ipinatupad ni Cleisthenes ang isang sistema kung saan bawat taon ay binibigyan ng pagkakataon ang mga mamamayan na ituro ang taong nagsisilbing panganib sa Athens. Kapag ang isang tao ay nakakuha ng mahigit 6,000 boto, siya ay palalayasin sa Athens ng 10 taon. Dahil sa ang pangalan ay isinusulat sa pira-pirasong palayok na tinatawag na **Ostrakon**, ang sistema ng pagpapatapon o pagtatakwil sa isang tao ay tinawag na **ostracism**. Bagamat kaunti lamang ang naipatapon ng sistemang ito, nabigyan ng mas malaking kapangyarihan ang mga mamamayan.

Sa pagsapit ng 500 BC, dahil sa lahat ng mga repormang naipatupad sa Athens, ang pinakamahalagang naganap ay ang pagsilang ng **demokrasya** sa Athens, kung saan nagkaroon ng malaking bahagi ang mga mamamayan sa pamamalakad ng kanilang pamahalaan.



Gawain 2: Pagpapalalim ng Kaalaman

Maraming mahalagang kaalaman sa iba't ibang aspeto ng pamumuhay ang nagsimula sa sibilisasyong Heleniko. Anu-ano ang mga ito? Isulat sa talahanayan ang pagkakatulad o pagkakaiba ng dalawang malalaking lungsod-estado na umunlad noong panahong iyon.

	SPARTA	ATHENS
Paraan ng Pamamahala		
Paraan ng Pamumuhay		
Edukasyon		

Papel ng Kalalakihan		
Papel ng Kababaihan		



Tandaan Mo!

- Ang sinaunang Gresya ay binubuo ng mga lungsod-estado na tinatawag na polis. Ang Sparta at Athens ang dalawang pinakamaunlad na polis noong panahon ng sinaunang Gresya.
- Sibilisasyong Heleniko ang itinawag sa bahaging ito ng kasaysayan ng Gresya. Ito ay tumagal hanggang 400 BC at itinuring na isa sa pinakadakilang sibilisasyon sa kasaysayan ng daigdig.
- Ang mga Spartan ay kinilala dahil sa pagiging mahusay na mandirigma at sa kanilang simple at di masining na pamumuhay.
- Sa Athens sumibol ang ideya ng demokrasya o pagbibigay ng tungkulin sa pakikilahok ng mga mamamayan sa pamamahala



Gawain 3: Paglalapat

Kung ikaw ay nabuhay sa panahon ng mga lungsod-estado, saan mo mas nanaisin manirahan, sa Athens o sa Sparta? Bigyang katwiran ang inyong kasagutan sa pamamagitan ng isa o dalawang talata.

ARALIN 3

PANAHOON NG MGA DIGMAAN AT ANG PAGPAPALAWAK NG NASASAKUPAN



Ang humigit kumulang na 50 lungsod-estado ng Gresya ay may magkakatulad na wika at kasaysayan bagamat sila ay nahati sa maliliit na lungsod-estado. Nagsumikap silang maging matapang ang kani-kanilang sarili at lumaban para sa kadakilaan ng kani-kanilang polis. Tinatawag nilang barbaro o mga taong may paurong na sibilisasyon ang mga di Griyego. samantala ang mga kapwa Griyego ay itinuturing nilang edukado at sibilisado. Naging mapagmataas sila at laging nakikipaglaban kung kaya't di nila nakasundo ang mga tao sa labas ng kani-kanilang lungsod-estado. Naging palasak ang mga tunggalian. Ang pakikipagtunggalian at pakikipaglaban ay karaniwan ng naglalabas sa kagalingan ng bawat isa, ngunit ang labis nito ay maaari rin maging salik a pagbagsak ng isang bansa at ng kanyang sibilisasyon.



Matapos ang araling ito, inaasahan na iyong:

1. Mailalarawan ang mga kaganapan sa Digmaang Persia.;
2. Maipapaliwanag kung paano narating ng Athens ang kanyang ginintuang panahon;
3. Matutkoy ang mga dahilan kung bakit naganap ang Digmaang Pelopennesian; at
4. Makikilala si Alexander, ang Dakila.



Gawain 1: Pag-isipan Mo!

Maituturo mo ba sa mapa ang mga lugar na ito.

Marathon

Salamis

Dardanelles

Delos

Digmaang Persia

Maaring nagkakaisa ang Athens at Sparta sa ilang mga bagay na magkakatulad sila ngunit hindi lamang sa larangan ng pulitika. Nag pangamba lamang ng pananakop ng Imperyo ng Persia ang nagbigay daan sa kanilang pansamantalang pagsasanib pwersa upang labanan ang sunod-sunod na digmaan mula 490-479 BC na tinawag na **Digmaang Persia**.

Para kay **Darius I**, ang dakilang hari ng Imperyong Persia ang mga lungsod-estado ay maliliit at hiwa-hiwalay para makagawa ng malawakang paglaban sa kanyang gagawing pananakop. Bukod dito di minabuti ni Daruis I ang ginagawang pagtulong ng Athens sa mga ilang kolonya ng Persia, na noon ay nagrebelde na ang Gresya bago ito tuluyang lumakas naglunsad ng pag-atake si Darius I noong 490 BC sa **Marathon** mga 26 na milya mula Athens. Kasama ang mahigit kumulang 25,000 sundalo at ilang barko sinalubong sila ng mga naghihintay na Athenian. Bagamat mas kaunti himalang natalo ang mga Persian sa digmaang ito na tinawag na Digmaan sa marathon. Dahil sa labis na kagalakan inutusan ng mga heneral ang kanilang pinakamabilis na mensahero na si **Philippides** upang balita ang tagumpay sa Athens. Sa loob ng 48 oras ay tinakbo ni Philippides ang humigit kumulang na 150 milya. Pagsapit sa Athens, isinigaw niya ang “Magdiwang! Tayo ay nagwagi!” at siya ay biglang bumagsak at tuluyan nang namatay. Sa kasalukuyang panahon ang marathon ay isang uri ng karera sa pagtakbo ng di kukulangin sa 26 milya ang ang layo.

Hindi naging madali para sa mga Persian na tanggapin ang kanilang pagkatalo. Paglipas ng 10 taon, si **Xerxes** na anak ni Darius I, ay bumuo ng mas malaki at

malakas na hukbo upang balikan at sakupin ang Gresya. Sila ay dumaan sa katubigan ng Hellespont (isang dagat-kipot, na kilala na ngayon bilang **Dardanelles**, na nasa pagitan ng karagatang Marmara at Karagatang Aegean). Pagkatapos ay tinalunton nila ang makitid na daan sa kabundukan ng *Thermopylae*. Dito nila nakasagupa ang mga Griyego na noon ay pinamumunuan ng mga Spartan. Matapos ang tatlong araw na labanan na tinawag na Digmaan sa Thermopylae, natalo at walang awang napatay ang mga Griyego. Narating ng mga Persian ang Athens at sinunog ang acropolis. Maaaring nasira nila ang Athens ngunit hindi sumuko ang mga Griyego. Sa pamumuno ng mga Athenian, sinagupa ng mga Griyego ang pwersang Persian sa look ng **Salamis**. Dito ay naganap ang isa sa pinakanatatanging digmaan sa karagatan. Sa pagkakataong ito, natalo ang mga Persian at tuluyan na silang umatras sa labanan.

Dahilan sa patuloy na banta ng panganib, kahit na natalo ng mga Griyego ang mga Persian ay sinikap pa nilang palakasin ang kanilang sandatahan. Nagtatag sila ng alyansa noong 478 BC na may humigit kumulang na 150 lungsod-estado kasama na ang Sparta at Athens at ilang lungsod-estado sa Asya Manor at sa mga isla sa Aegean. Nagkasundo ang aliyansa na mag-ambag ng barko, sundalo at salapi sa kanilang alyansa na kinilala bilang **Delian League** dahilan sa ang naging sentro nito ay ang isla ng **Delos**. Ang Athens na siyang pinakamayaman at may pinakamalakas na hukbo ay unti-unting namuno sa Delian League. May mga lungsod-estado na nagnais tumiwalag sa alyansa ngunit di sila pinayagan ng Athens. Ito ang nagbigay daan sa pagkakatatag ng **Imperyong Athenian**.

Naging napakahalaga ng sumunod na mga pangyayari pagkatapos matalo ang mga Persian ng mga Griyego. Nagsimula ng umunlad hindi lamang sa larangan ng pulitika kundi maging sa kultura at ang Athens ang naging sentro nito.


Ginintuang Panahon ng Athens

Noong 461 BC, si Pericles, isang **strategos** o heneral na inihalal ng mga kalalakihang mamamayan sa ang namuno sa Athens. Taun-taon ay nahahalal si Pericles hanggang sa sumapit ang kanyang kamatayan noong 429 BC.

Sa loob ng mahabang panahon ng kanyang panunungkulan, maraming ipinairal na mga programang pampubliko si Pericles. Lahat ay naglalayong gawing pinakamarangyang estado ang Athens.

Nais ni Pericles na lumawak pa ang umiiral na demokrasya sa Athens kung kaya't dinagdagan niya ang bilang ng mga manggagawa sa pamahalaan at sinuwelduhan niya ang mga ito. Lahat ng mamamayan ay nagkaroon pagkakataong makapagtrabaho sa pamahalaan mayaman aman o mahirap. Kaya di nagtagal mga ikatlong bahagi (1/3) ng populasyon ng Athens ay bahagi na ng mga gawain ng pamahalaan.

Ngunit hindi lahat ay nasiyahan sa mga repormang ipinatupad ni Pericles. Para sa mga mayayaman ang ginawa niyang mga pagbabago ay magdudulot ng pagkalugi sa pamahalaan at maghihikayat ng katamaran sa mga ordinaryong mamamayan. Ipinagtanggol niya ang kanyang mga ginawang pagbabago sa pamamagitan ng pagbibigay ng isang pahayag na naitala naman ni Thucydides, na isang historyador. Ayon kay Pericles “ Ang ating konstitusyon ay isang demokrasya sapagkat ito ay nasa mga kamay ng nakararami at hindi ng iilan.”



Athena

Mahalaga ang edukasyon para sa mga Athenian. Ang mga lalaki ay pinag-aaral sa mga pribadong paaralan kung saan sila ay natuto ng pagbasa, matematika, musika, at mga obra ni **Homer** na Iliad at Odyssey. Hinikayat din silang talakayin ang sining, pulitika at iba pang usapin. Ang palakasan ay bahagi rin ng kanilang pag-aaral. Sa edad na 18 taong gulang, ang mga lalaki ay nagsasanay sa militar ng 2 taon at pagkatapos ay maaari nang maging mamamayan ng Athens at makibahagi sa pamahalaan nito.

Samantala, ang mga kababaihan ay itinuring na mas mababa sa mga kalalakihan. Hindi sila nabigyan ng pagkamamamayan at hindi maaaring makibahagi sa pamahalaan. Hindi rin sila maaaring magmay-ari ng kahit ano at walang karapatang mag-aral. Ang kanilang buhay ay umiikot sa mga gawaing bahay at pag-aalaga ng mga anak. Sa edad na 14-16 sila ay ipinakakasal sa mga lalaking napili ng kanilang mga magulang.

Pagsasaka ang karaniwang ikinabubuhay ng mga Athenian. Ang mga ani ay kanilang kinakain. Ang mga sobrang produkto ay ipinapalit nila ng iba pang kagamitang pambahay.

Bagamat marangya at magarbo ang ang mga gusaling pampubliko, ang mga tahanan naman ang simple lamang, maging ito ay pag-aari ng mayayaman o karaniwang tao.

Sa kabuuan, simple lamang ang naging pamumuhay sa sinaunang Gresya. Ngunit mula sa simpleng pamumuhay na ito ay lumitaw ang pinakamahuhusay na artista, manunulat, at mga pilosopo na tinitingala sa sandaigdigang hanggang sa ating makabagong panahon.

Ang may-akda ng mga natatanging pilosopong Griyego sa larangan ng pulitika ay kinilala sa mundo tulad ng **The Republic** ni Plato at **Politics** ni Aristotle.

Maging sa larangan ng arkitektura ay nakilala ang mga Griyego. Kahangahanga ang arkitektura ng mga templo. Ang ilan dito ay matatagpuan sa Athens, Thebes, Corinth, at iba pang syudad. Ang tatlong natatanging istilo na **Ionian, Doric, at Corinthian** ay naperpekto nila nang husto. Ang pinakamagandang halimbawa ay ang **Parthenon**, isang marmol na templo sa Acropolis sa Athens. Ito ay itinayo nina Ictinus at Calicrates at inihandog kay Athena, ang diyosa ng karunungan at patrona ng Athens.


Ilan sa mga labi ng iskulturang Griyego ay matatagpuan din sa mga templo ng Crete, Mycenaea, at Tiryus. Ang pinakadakilang Griyegong iskultur ay si **Phidias**. Ang

istatwa ni Athena sa Parthenon at ni Zeus sa Olympia ay ilan lamang sa mga obra maestra niya. Ilan pang mga natatanging iskultura ay ang Collossus of Rhodes ni Chares at Scopas ni **Praxiteles** na parehong itinanghal na *Seven Wonders of the Ancient World*.

Kinilala rin ang kontribusyon ni **Herodotus** sa larangan ng kasaysayan. Ang kanyang mga paglalakbay sa Asya at Spuka ay nakatulong upang maging obra maestra niya ang **Kasaysayan ng Digmaang Persian**. Tinawag siyang Ama ng Kasaysayan. Sinundan ito ng isa pang historyador, si **Thucydides**. Ilan sa mga isinulat niya ay ang **Anabis**, isang kwento ng sikat na martsa ng mga Griyego mula sa Babylonia hanggang Dagat na Itim at **Memorabilia** na kalipunan ng mga kwento ng guro niyang si **Socrates**.

Nagkaroon din ng kaalaman sa makabagong medisina sa sinaunang Gresya. Ang pinakadakilang Griyegong manggagamot ay si Hippocrates na kinilala bilang Ama ng Medisina. Itinaas niya ang larangan ng medisina bilang agham at hindi bunga ng mahika.

Marami ring Griyego ang kinilala at dinakila dahil sa kanilang naging ambag sa larangan ng agham at pilosopiya. Ang kauna-unahang pilosopiya ay ipinakilala ni **Thales** ng Militus. Ayon sa kanya ang sandaigdigan ay nagmula sa tubig, ang pangunahing elemento ng kalikasan. Samantala si **Pythagoras** naman ang nagpasikat ng doktrina ng mga numero kung saan sinasabi niya na ang bilang na tatlo, lima at pito ay maswerteng mga numero.




Socrates

Ilang dekada matapos ang Digmaang Persian, isang pangkat ng mga guro na tinatawag na mga **Sophist** ang sumikat sa Athens. Nagpakilala sila ng pagbabago sa mga umiiral na pilosopiya. Ayon sa kanila maaaring turuan ang mga tao na gumawa ng magagandang batas, makapagsalita at makipagdebate sa mga Asembleya. Maraming Athenian ang tumuligsa sa mga pilosopiya ng mga Sophist. Isa na rito ay si **Socrates**. Ayon sa kanya **mahalaga na kilalanin mo ang iyong sarili (know thyself)**. Ayon sa kanya dapat na patuloy na magtanong ang mga tao hinggil sa mga bagay-bagay upang matiyak kung sila ay may mga kasagutan sa mga kataningang ito. Ang pamamaraang ito ay kinikilala ngayon na **Socratic Method**. Di nagustuhan ng mga Athenian ang ginawang pagtatanong ni Socrates lalo na ang mga tungkol sa mga diyos-diyosan at ilang patakaran ng Athens. Dahilan dito siya ay nakulong at nahatulan ng kamatayan. Ngunit bago pa siya naparusahan, siya ay nagpakamatay sa pamamagitan ng paglason sa sarili. Ang lahat ng mga ideya ni Socrates ay hindi niya naisulat. Si Plato, ang kaniyang pinakasikat na mag-aaral, ang nagsumikap na maitala ang lahat ng dayalogo sa pagitan ng dalawa o mas higit pang tauhan. Ang pinakatanyag ay ang **Republic**, isang talakayan tungkol sa katangi-tanging polis at ang uri ng pamahalaan na makapagbibigay ng kaligayahan sa mga mamamayan nito.

Samantala, si **Aristotle**, ang pinakamahusay na mag-aaral ni Plato, ay nagpakadalubhasa sa pag-aaral ng halaman, hayop, astronomiya, at pisika na pawing nangangailangan ng masusing pagmamasid. Ayon sa kanya, ang alinmang teorya ay maari lamang tanggapin kung ito ay batay sa masusing pagmamasid ng mga katotohanan. Kinilala si Aristotle na Ama ng Biyolohiya. Ilan sa mga tanyag niyang aklat ay ang **Poetic**, isang pagsusuri sa mga iba't ibang dula-dulaan, ang **Rhetoric** na nagsasabi kung paano dapat ayusin ng isang nagtatalumpati ang kanyang talumpati, at ang **Politics** kung saan tinalakay ng mga mamamayan ang iba't ibang uri ng pamahalaan.

Sa pamamagitan ni Aristotle narating ng pilosopiyang Griyego ang kanyang tugatog. Naimpluwensyahan ni Aristotle di lamang ang kanyang mga mag-aaral kundi maging mga pilosopo at siyentipiko ng mga sumunod na henerasyon.



Aristotle

Digmaang Peloponnesian

Nais ni Pericles na manatili ang kapayapaan di lamang sa Athens kundi maging sa mga kalapit nitong mga lungsod-estado at maging sa Persia. Habang umuunlad ang Athens, lumawak din ang kanilang kapangyarihan sa kalakalan. Ito ang naging dahilan kung bakit sa panahon ng Delian league ay naging isang imperyo ang Athens.

Hindi lahat ng lunsod-estado ay sumang-ayon sa ginawa ng Athens na pagkontrol sa Delian League subalit wala silang nagawa upang umalis sa alyansa. Kayat ang mga lungsod-estado na kasapi sa Delian League tulad ng Sparta, Corinth at iba pa ay nagtatag ng sarili nilang alyansa sa pamumuno ng Sparta at tinawag itong ***Peloponnesian League***.

Noong 431 BC nilusob ng Sparta ang mga karatig pook ng Athens na naging simula ng Digmaang Peloponnesian. Batid ni Pericles na mahusay na mandirigma sa lupa ang mga Spartan kung kayat iniutos niya ang pananatili ng mga Athenian sa pinaderang lungsod. Samantala, inatasan niya ang sandatahang lakas ng Athens na lusubin sa karagatan ang mga Spartan. Ngunit sinawing palad na may lumaganap na sakit na ikinamatay ng libu-libong tao, kasama na si Pericles, noong 429 BC. Lahat ng

mga pumalit kay Pericles ay hindi nagtagumpay dahilan sa mga mali nilang mga desisyon. Isa na rito si **Alcibiades**. Matapos siyang akusahan ng mga Athenian na lumalabag sa paniniwalang pangrelihiyon, tumakas siya patungong Sparta upang iwasan ang pag-uusig sa kanya. Doon siya ay naglingkod laban sa kanya mismong mga kababayan. Di naglaon bumalik din si Alcibiades sa Athens at siya ay pinatawad at binigyang muli ng pagkakataong pamunuan ang sandatahang lakas ng Athens. Bagamat naipanalo niya ang ilang laban nila sa Sparta, lubhang malakas ang mga Sparta at noong 404 BC, sumuko ang mga Athenian. Bilang ganti, ipinapatay ng mga Spartan si Alcibiades.

Ang dalawampu't pitong taong Digmaan ng Peloponnesian ay isang malaking trahedya para sa Gresya. Nagkaroon ng malawakang pagkawasak ng ari-arian at pagkamatay ng mga tao. Lumala rin ang suliranin sa kawalan ng hanapbuhay, pagtaas ng presyo ng mga bilihan, at kakulangan sa pagkain.

Ang Macedonia at si Alexander

Patuloy na pinangambahan ng mga Griyego ang pananakop ng Imperyong Persian. Lingid sa kanilang kaalaman, may isang bagong kaharian, ang Macedonia, na nasa hilagang bahagi ng tangway ng Gresya, ay unti-unting lumalakas at nagiging makapangyarihan.



Alexander the Great

Noong 359 BC isang pinuno sa katauhan ni Philip ang naging hari ng Macedonia. Siya ay nagtatag na malakas na sandatahan na naging daan upang makuha niya ang suporta ng mga lungsod-estado na kalaban ng Athens. Bagamat noong panahong iyon na nagbigay babala na si Demosthenes, isang kilalang orador sa Gresya, sa napipintong panganib, di pa rin nagkaisa ang mga magkakalabang lungsod-estado upang pigilan ang darating na mga mananakop.

Pagsapit ng 338 BC sa lupain ng Chaeronea, nilupig ng hukbo ni Philip ang Gresya at inagaw ang pinakamamahal nilang kalayaan.

Di nagtagal, noong 336 BC, napatay si Haring Philip at ang kanyang dalawampu't dalawang taong gulang na anak na si Alexander ang humalili sa kanya. Kinilala sa kasaysayan si Alexander, ang Dakila. Mula sa kanyang ama ay nakuha niya ang husay sa pakikidigma at pamumuno. Pangarap niya na dumating ang araw na mapasailalim niya ang Imperyong Persian. Mula naman kay Aristotle natutunan niya ang pagmamahal sa kulturang Griyego, at paghanga sa mga epikong isinulat ni Homer. Pinangarap niya na matulad sa mga bayani ng Iliad at Odyssey. Dinakila sa kasaysayan ang talino at pagkakaroon ng matatag na loob ni Alexander sa pakikidigma. Noong 334 BC, mula sa Helespont pinalaya niya ang ilang kolonya ng Griyego sa Asia Minors. Hindi nagtagal, maging ang lupain ng Phoenicia ay nasakop niya. Nang masakop niya ang Ehipto, itinatag niya roon ang lungsod ng Alexandria. Pagsapit ng 331 BC, maging ang Mesopotamia ay napasakamay ni Alexander. Nang talunin niya si Darius III, hari ng Persia, napalawak niya ang kanyang kapangyarihan hanggang sa Hilagang India. Sa pagitan ng 334 BC hanggang 326 BC, tuluyan nang nakuha ng puwersa ni Alexander ang mga lupain sa Ehipto hanggang sa India na di man lang natalo sa kahit na isang digmaan.

Dala marahil ng pagod sa walang tigil at aktibo niyang pamumuhay, isang umaga ay nilagnat ng mataas si Alexander habang siya ay nasa Babylon na ikinasawi niya. Inilagay ang kanyang labi sa isang ginintuang kabaong at dinala sa Alexandria. Sa gitna ng malawakang pagpapahayag ng pagkadakila at pagmamahal at pighati, inilibing si Alexander sa lungsod na kanya mismong tinatag.

Bagamat naihabilin kay Peridiccus, isa sa mga heneral, ang Imperyo, hindi niya nakayanan ang pamumuno rito. Ang mga heneral ay naglaban-laban upang maging pinuno. Matapos ang mahabang panahon ng labanan, nahati sa tatlo ang malawak na

Imperyong Ptolemaic sa Ehipto, ang Imperyong Selericid sa Asya, at ang Kahariang Antigonid sa Macedonia.

Ang tatlong ito, di naglaon, ay sinakop ng kapangyarihang Romano.

Gawain 2: Pagpapalalim ng Kaalaman



Itala ang mga sanhi at bunga ng dalawang malalaking digmaan na unti-unting humubog sa pamumuhay ng mga sinaunang Griyego.

Balikan ang Teksto ng aralin upang mabuo ang talahanayan.

	Sanhi	Bunga
Digmaang Persian		
Digmaang Peloponnesian		



Tandaan Mo!

- Ang Digmaang Persian ay pinamunuan ni haring Darius I at Xerxes. Pagkaraan ng digmaang ito, nagsimulang maitatag ang Imperyong Athenian. Naging kasangkapan sa pagpapalawak ng Imperyong Athenian ang Delian League.
- Naging sentro ng kaunlaran ng sinaunang Gresya ang Athens. Sa kanyang ginuntuang panahon (416-404 BC) yumabong ang kultura, sining, pilosopiya at pulitikang Gresya. Nakilala ang mga pilosopong Griyego gaya nina Socrates, Plato at Aristotle, sa larangan pulitika ay nakilala naman si Pericles. Sa agham at syensiya, ibinigay ng Gresya sa daigdig sina Hippocrates, Thales ng Militus, at

Pythagoras. Sa sining ay may malaking ambag sina Phidias at Praxiteles. Si Herodotus ang itinituring na Ama ng Kasaysayan.

- Ang Digmaang Peloponnesian ay nagdulot ng malaking trahedya sa Gresya. Nagbunga ito ng pagkalagas ng populasyon ng Gresya, pagkawasak ng mahahalagang likha ng sining, at pagkalugmok ng mga ekonomiya ng Sinaunang Gresya.
- Sa pamamagitan ni Alexander nagkaroon ng uganyan ang kulturang Griyego sa kulturang Asyano na nagbukas ng daan sa Sibilisasyong Helenistiko.



Gawain 3: Paglalapat

Ano ang iyong masasabi sa pagkalupig at pagkasakop sa Gresya ni Alexander the Great? Sa iyong palagay, nakatulong ba ito sa kasalukuyang kalagayan sa Gresya at sa Daigdig? Sang-ayon ka bas a mga pagbabagong naganap sa Gresya dahil sa pananakop ni Alexander the Great? Kung hindi niya sinakop ang Gresya, ano ang maaring nangyari sa Gresya?

Magbigay ng kuru-kuro hinggil sa mga tanong sa itaas. Sumulat ka ng isang sanaysay sa nagpapaliwanag ng iyong posisyon.

ARALIN 4

ANG PAMUMULAKLAK NG SIBILISASYONG HELENISTIKO



Ang lungsod ng Alexandria, noong panahon ng pamumuno ni Ptolemy ay naging sentro ng makabagong karunungan at kaalaman. Nagpatayo si Ptolemy ng magarang silid-aklatan at sentro ng pananaliksik na kinilala sa buong daigdig. May mga museo, zoo, at obserbatoryo upang mapag-aralan ang mga bituin sa kalangitan. Ang silid-aklatan ay naglaman ng humigi't kumulang na 500,000 aklat na nakasulat sa mga papyrus. May mga sipi ito ng mga akda ni Homer, mga dula na isinulat ng mga Athenian, mga aklat sa medisina mula sa paaralan ni Hippocrates, at mga banal na aklat ng mga Hebreo na isinalin sa wikang Griyego. Inanyayahan din sa aklatan ang mga natatanging iskolar, at sinuportahan ang kanilang mga pangangailangan upang magsaliksik at magsulat.



Matapos ang araling ito, inaasahan na iyong:

1. Maipaliliwanag kung bakit naging sentro ng sibilisasyong Helenistiko ang Alexandria;
2. Matutukoy ang mahahalagang pagtuklas sa Gresya noong panahong ito sa larangan ng aghan at pilosopiya; at
3. Masusuri ang mga pilosopiyang epicureanismo at storcismo.



Gawain 1: Pag-isipan Mo!

Sa ibaba ay nakalarawan ang mga ng Ehipto. Matutukoy mo ba kung nasaan ang Alexandria? Ituro ang Alexandria sa mapa ng Ehipto.




Ang Alexandria: Sentro ng Sibilisasyong Helenistiko

Ang pagkakawatak-watak ng imperyong itinayo ni Alexander ay di naiwasan matapos siyang pumanaw, ngunit ang mga naging bunga ng kanyang pananakop ay nagpatuloy sa mahabang panahon.

Ang panahon mula sa pagkamatay ni Alexander hanggang sa mapasailalim ang Ehipto sa Roma ay panahon ng pamumulaklak ng Sibilisasyong Helenistiko.

Noong panahong Heleniko ay nahati ang Gresya sa dalawang pangkat ng tao, ang Griyego at ang Barbaro, na salitang ginamit upang tawagin ang sinumang di-Griyego. Ang panahong ito ay inilarawan bilang pinagsamang sibilisasyon ng Heleniko o Griyego at Asya. Sa madaling salita, ito ay Sibilisasyong Graeco-Oriental kung saan ang Alexandria sa Ehipto, Antioch sa Syria, at Pergamum sa Asya Manor ang nagsilbing mga pangunahing lungsod.

Iba pang Pagtuklas



Archimedes

Ang mga siyentipiko mula sa Alexandria noong panahong ito ay nagsagawa rin ng iba't ibang pagtuklas na nakaimpluwensiya maging sa ating kasalukuyang panahon.

Si Euclid ay naging kilalang matematisyan. Ang kontribusyon niya sa larangan ng Geometry ay ginagamit pa rin ng ating mga mag-aaral ng matematika sa ngayon.


Si Erastosthenes, isang iskolar at punong librarian sa Alexandria, ay nagbigay ng tinatayang distansya ng ating mundo sa tulong ng kanyang kaalaman sa *geometry*.

Si Aristarchus, isa pang matematisyan at astronomer mula sa Samos, ay lumikha ng kontrobersiya nang makipagtalo siya na ang mga planeta ang umiikot sa araw.

Si Archimedes naman ay nag-aral sa Alexandria ngunit naglagi ng matagal sa isla ng Sicily. Kilala rin siya sa larangan ng matematika at pisika. Marami siyang imbensyon ngunit ang armas sa pakikidigma na tinatawag na ***catapult*** ang pinakanatatangi.

Mahahalagang Pilosopiya

Dalawang mahalagang pilosopiya ang nagsimula sa Athens noong Panahong Helenistiko. Isa rito ay ang Epicureanismo na hango sa pangalan ni Epicurus ng Samos, isang maestro at manunulat. Pinag-aralan ni Epicurus ang mga pamamaraan upang magkaroon ng mapayapang pamumuhay. Ayon sa kanya, dapat umiwas ang tao sa walang katapusang pagnanais na yumaman, magkaroon ng kapangyarihan at maging tanyag upang mabuhay ng matiwasay at malayo sa pangamba. Ayon pa rin kay Epicurus ang katawan ay dapat na malayo sa mga sakit at ang isip Malaya sa takot at pag-aalala. Ipinayo niya ang matalinong pakikipag-usap sa kaibigan o ang paghiga sa damuhan bilang mga simpleng pamamaraan ng pagmumuni-muni ng buhay.



Zeno

Samantala ang pilosopiyang stoicismo na ipinakilala naman ni Zeno. Ang pilosopiyang ito ay natuklasan ni Zeno habang naglalakad siya sa portico o balkon sa mga pamilihan ng Athens. Ang mga stoic tulad nina Socrates ay may malaking pagpapahalaga sa dignidad, pagpipigil sa sarili at katwiran. Dahilan sa katwirang ito ng mga stoic niya rin ang dignidad ng ibang tao. Ang paniniwalang ito ng pagkakapantay-pantay ng tao sa buong mundo ay naging patunay ng nagbabago ng pananaw ng mga

Griyego sa Panahong Helenistiko. Matagal at malawak ang impluwensiya ng stoicismo at nananatili hanggang sa kasalukuyang panahon.



Gawain 2: Pagpapalalim ng Kaalaman

Ang Sibilisasyong Helenistiko ay nagbigay sa daigdig ng mga pantas at siyentista na may mahalagang ambag sa iba't ibang larangan. Punan ang talahanayan upang mgakaroon ka ng isang pagbubuod ng mahahalagang tao noong panahong ito. Ang unang halimbawa ay maaari mong tularan.

MAHALAGANG TAO	LARANGAN	AMBAG O PANGUNAHING TUKLAS
1. Ptolemy		
2. Euclid		
3. Eratosthenes		
4. Aristarchus		
5. Archemedes		
6. Epicurus		

7. Zeno		
---------	--	--



Tandaan Mo!

- Ang sibilisasyong Helenistiko ay may mga katangian ng mga sibilisasyong Heleniko at Asyano na umusbong noong panahon ng pananakop ni Alexander the Great.
- Ang Alexandria ang naging sentro ng sibilisasyong Helenistiko.
- Maraming pagtuklas pa sa larangan ng agham at matematika ang naganap sa Gresya. Nagkaroon ng malaking impluwensiya sina Ptolemy, Euclid, Eratosthenes, Aristotle, Archimedes, Epicurus at Zeno.
- Ang dalawang mahalagang pilosopiya na nakaimpluwensiya sa pamumuhay ng mga Athenian noong panahong Helenistiko, at hanggang ngayon ay ang epicureanismo at stoicismo.



Gawain 3: Paglalapat

May dalawang pilosopiyang namayani noong panahon ng sibilisasyong Helenistiko. Epicureanismo at Stoicsismo. Alin sa dalawa ang pinaniniwalaan mo? Pumili ng mas malapit sa sarili mong paniniwala at ipaliwanag mo kung bakit mo pinaniniwalaan ang pilosopiyang iyong pinili. Magbigay ka ng mga halimbawa mula sa iyong karanasan.



PANGWAKAS NA PAGSUSULIT:

I.

1. Alexandria
2. Parthenon
3. Digmaang Peloponnesian
4. Helenistiko
5. Athens
6. Macedonia
7. Polis
8. Minoan
9. Hellas
10. Digmaang Thermopylae
11. Agora
12. Salamis
13. Delian League

II. Kilalanin

1. Homer
2. Pericles
3. Pisistrus
4. Lydians
5. Draco